



National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

Pagsusuri sa Salin sa Filipino ni Lilia F. Antonio ng "The Little Prince"

Jenifer L. Acido

Polytechnic University of the Philippines- Graduate School, Sta. Mesa Manila, Philippines

Corresponding Author email: jlacido@iskolarngbayan.pup.edu.ph

Received: 11 November 2025

Revised: 12 December 2025

Accepted: 15 December 2025

Available Online: 16 December 2025

Volume IV (2025), Issue 4, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577

<https://doi.org/10.63498/etcor510>

Abstrak

Layunin: Nilayon ng pag-aaral na ito na suriin ang salin sa Filipino ni Lilia F. Antonio ng *The Little Prince* (AW: Antoine de Saint-Exupéry; English trans.: Richard Howard) batay sa mga pamamaraan ng pagsasalin na inilalahad ni Abueg at Nina Batnag at Petras, at suriin ang salin gamit ang pananaw ni Gideon Toury. Ginamit ang mga natuklasan upang tukuyin ang ambag ng salin sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.

Metodolohiya: Gumamit ang pag-aaral ng kwalitatibong tekstuwal na analisis. Inihambing ang source text at target text upang matukoy ang mga pamamaraang ginamit (salita-sa-salita, diwa-sa-diwa, malayang salin; idyoma, paglilipat ng katawagang pangkultura, natural na estruktura, at segmentasyon). Sinuri ang mga napiling translational units ayon sa tripartit na yugtong inilalahad ni Toury: (1) paglulugar ng metatext sa konteksto-kultura, (2) paghahambing ng indibidwal na pahayag, at (3) pagtatala ng makabuluhang pagkakatulad/pagkakaiba.

Natuklasan: Natukoy ang sistematikong aplikasyon ng mga pamamaraan nina Abueg at Nina Batnag at Petras sa salin ni Antonio: (a) may makikitang halimbawa ng salita-sa-salita, diwa-sa-diwa, at malayang salin; (b) naipakita ang idyomatikong pagtumbas, paglilipat o paghihiram ng katawagang pangkultura, at ang pagsasaayos ng estruktura ng pangungusap ayon sa natural na daloy ng Filipino; at (c) ang segmentasyon ay nakatulong sa paghugot ng tiyak na translational units. Ayon sa pananaw ni Toury, malinaw ang proseso ng paglulugar ng metatext sa target na kultura at may mga partikular na pagkakaiba/pagkakatulad sa antas ng pahayag na may implikasyon sa paglilipat ng kultural na kahulugan.

Konklusyon: Pinapakita ng salin ni Antonio ang potensyal ng pagsasaling-pampanitikan na magpayaman at mag-intelektuwalisa ng wikang Filipino sa pamamagitan ng tumpak at malikhaing pagtumbas ng kultural na konsepto. Iminumungkahi ang karagdagang pagsusuri sa iba pang saling akda at ang paggamit ng ibang teoretikal na lente upang higit pang mapalawak ang ambag sa intelektuwalisasyon ng Filipino.

Susing Salita: Ang *Munting Prinsipe*; pagsasaling-pampanitikan; pamamaraang pagsasalin; Gideon Toury; intelektuwalisasyon; Lilia F. Antonio

INTRODUKSIYON

Sa kasalukuyan, maraming mga akdang banyaga ang naisalin sa wikang Filipino. Ayon kay Balisi (2018), hindi maitatangi ang malaking papel ng pagsasalin upang maunawaan ang kultura ng ibang bansa. Ang bansa ay kilala bilang aktibong mamimili ng mga nakalimbag na salita-maging ito man ay lokal o wikang banyaga lalo na sa wikang Ingles na karamihan sa mga Filipino ay nakasanayan ang paggamit nito. Kaya naman, nagkaroon ng aktibong pagsasalin ng mga akdang banyaga para sa lokal na mambabasa. Sa kasikatan na tinatamasa ng ilang mga banyagang akda, ito ay isinalin sa Filipino tulad ng: Stephenie Meyer's *Twilight*, Suzanne Collins *The Hunger Games*, E.L. James' *Fifty Shades of Grey* at J.K. Rowling's *Harry Potter and the Sorcerer's Stone*. Samantala sa isang artikulo ng *The Varsitarian* (2015), ipinakilala ang isang bahagi ng proyekto ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) na Aklat ng Bayan, na kung saan sisimulan ang pagsalin sa wikang Filipino ng mga akda mula sa iba't ibang disipilina at mga banyagang akda. Ayon kay Virgilio Almario, layunin ng proyekto na maitampok ang kahusayan ng wikang Filipino at naglalayong makalikha ng "Aklatan ng Karunungan." Sa ganitong adhikain, napalalakas ang pagsasalin at pagkilala sa mga klasikong akda. Ngunit, hindi rin maitatangi ang mga hamon na kinahaharap ng mga tagasalin sa pagsasalin

473



National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRC-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

ng isang akda. Kaya naman, mahalagang malaman ang pamamaraan sa pagsasalin ng isang akda. Dito nagiging pangangailangan ang pagsusuri, pagpuna, o pagsusuri ng isang pagsasalin. Ito ay sinang-ayunan din nina Batnag at Petras (2009)

"Mahalaga ang pagtingin sa isinagawang pagsasalin upang malinang ang kasanayan ng isang tagasalin, pinalalawig ang kaalaman at pag-unawa sa sarili at banyagang wika, kasama na ang paksang tinatalakay, at sa pamamagitan ng paglatag ng iba't ibang paraan ng panunuri, natutulungan ang tagasalin na uriin ang mga ideya sa pagsasalin."

Mula sa mga nabanggit na kaisipan, mahalaga na pag-aralan ang pamamaraan at pagsusuri sa isang saling akda. Sa pag-aaral na ito binigyang tuon ang salin ni Lilia Antonio na "Ang Munting Prinsipe" mula sa saling Ingles ni Richard Howard na "The Little Prince" mula sa klasikong akda na Le Petit Prince ni Antoine de Saint-Exupéry. Ayon kay Antonio (2020), makalipas ang 51 taon, muli siyang nabigyan ng pagkakataon na maiwasto ang mga dating pagkakamali sa pagbuo ng pangungusap na ayon sa kaniya ay tigib sa salitang "ay" sa pagpili ng mas angkop na salita, at sa iba pang mga suliranin na kinahaharap sa pagsasalang-wika.

Rebyu ng mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral

Karanasan sa Pamamaraan at Pagsusuri sa Pagsasalin ng mga Akdang Banyaga at Akdang Pampanitikan sa Bansa

Sa mundo ng pagsasalin, isa sa mga mahalagang pag-aralan ang pamamaraan at pagsusuri gamit ang mga akdang pampanitikan sapagkat napalalawak nito ang kaisipan at kaalaman na nakapaloob sa akda. Naipapakilala rin nito ang mga makabuluhan na kaisipan sa mga mambabasa. Sa pag-aaral ni Buban (2011) ibinahagi niya ang naging panayam kay Abueg hinggil sa naging dahilan at paraan niya kung paano magsalin. Sinabi ni Abueg, sa pamamagitan ng pagsasalin napalalawak nito ang kaniyang bokabularyo sa Ingles at sa Filipino. Gayundin na ang sibilisasyon ng mundo ay itinayo ng pagsasalin. Kung walang pagsasalin mula sa iba't ibang wika, hindi magkakaroon ng tinatawag nating pagtatagpo ng mga ideya ng daigdig para makatayo ng kabihasan. Samantala sa pamamaraan ng pagsasalin ibinahagi naman ni Abueg ang kaniyang karanasan sa pagsasalin ng nobela na Viajero ni F. Sionil Jose. Ayon sa kaniya, ang pagsasalin ay tanong tungkol sa syntax at mga kalimitang konsiderasyon sa pagsasalin tulad ng pagpili ng salita, pagsasalin ng idyoma, pag-aayos ng sintaks, at pagtitinig ng mga ideya.

Mula sa naging pag-aaral ni Buban nabatid niya na pagkakataong ibinunsod ng pangangailangan ang naging pangunahing puwersa ang nagtulak kay Abueg upang magsalin. Batay pa sa pag-aaral ni Buban (2011), ayon kay Abueg ang pagsasalin ay isang paraan ng pagpapayaman ng sariling wika dahil mapipilitan kang mag-imbento ng mga panapat na salita sa mga salitang dayuhan. Ika nga ni Abueg, "ang pagsasalin ay mas maituturing na isang gawain ng pagmamahal o *"labor of love."*

Pag-aaral ng mga Saling Panitikan, Isang Gampaning Pambansa at Tungo sa Intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino

Sa larangan ng edukasyon, binigyang diin ni Dela Cruz (2025) sa kaniyang pag-aaral ang kalagayan ng asignaturang Filipino at mga panitikang pumapaloob sa kasagsagan ng pag-usbong at implementasyon ng bagong kurikulum. Sa usaping pagsasalin ibinahagi ni Dela Cruz na mahalaga na bigyang tuon ang orihinal na bersiyon. Binigyang halimbawa ang Biag ni Lam-ang ni Pedro Bukaneg na isang salin, mahalaga na bigyang tuon din ang orihinal na bersiyon. Kinakailangan na maitalakay ang kultura, panitikan, at wika sapagkat maraming panitikan ang nabubura kasama ng mga wika kung saan ito nagmula. Samantala, sa aklat ni Sibayan (1999), kaniyang ibinahagi ang usapin ng intelektuwalisasyon sa wikang Filipino. Ayon kay Sibayan;

"Filipino to be considered thoroughly intellectualized must be developed for use in the controlling domains of language. These are the domains that use the kind of Filipino that may be learned only in school and universities."

Samakatuwid, kinakailangan na mapalakas ang paggamit ng wikang Filipino laban sa mga dominanteng wika na umiiral sa ating bansa na ginagamit sa larangan ng akademya. Dagdag pa ni Sibayan, ang nakasulat na anyo ng wika ay isang pangunahing proseso ng intelektuwalisasyon sapagkat ito ay nakasulat na anyo na nag-iimbak ng pinagsama-samang mga kaalaman. Ang intelektuwalisasyon ng wika ng isang tao ay nakasalalay sa mga nakaimbak o nasusulat na kaalaman. Higit ang pangangailangan sa mga bilingual na iskolar sa lahat ng larangan ng kaalaman. Tulad na lamang ng manunulat ng kurikulum, mga guro na maaring magsalin ng kaalaman, at pagkakaroon ng isang masiglang industriya ng paglalathala.



National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

Mga Pag-aaral sa Pagsasalin ng "The Little Prince" sa Iba't ibang Wika

Isang komprehensibong pag-aaral ang isinagawa nina Luces at Tejera (2024) sa pagsusuri ng The Little Prince ni Antoine de Saint-Exupéry sa pamamagitan ng pagsasalin sa Ingles at Espanyol. Binigyang tuon ang kritikal na dimensyon ng pagsusuri ng pagsasaling pampanitikan gamit bilang isang husay na pamamaraan. Ang pangkalahatang layunin ay tukuyin ang mga pagkakaiba sa pagitan ng saling Ingles at Espanyol pagdating sa saling kultural, kagamitang pampanitikan, at pagtuklas ng mga karagdagang pagkakaiba sa mga pagsasalin. Natuklasan na may malaking impluwensiya ang kultural na kaalaman ng isang tagasalin sa pagpili ng mga salitang gagamitin. Isinaalang-alang din ang pang-ekonomiya at heograpikal na mga kadahilanan upang matiyak ang aksesibilidad ng teksto. Ang pagsusuri sa mga usaping pangwika na ginagamit sa panitikan ay napag-alaman na mahusay ang pagsasalin nina Katherine Woods at Bonifacio Del Carril. Higit lalo na pagdating sa metapora, personipikasyon, pagtutulad, pagmamalabis, at pagpapanatili ng malalim na tema ng wika. Mahusay din ang pagpili ng estratehiya sa pagsasalin tulad ng "*foreignization*" at "*domestication*" na nagtatampok sa kakanyahan ng tagasalin na mapanatili ang pagkakapantay-pantay habang ito ay umaangkop sa tunguhing wika.

Samantala sa pag-aaral naman ni Jiang (2023) sa pamamagitan ng isang maikling pagsusuri ng pagsasalin ng The Little Prince mula Ingles tungo sa wikang Tsino. Binigyang tuon ang pananaw hinggil sa usaping *reception aesthetics*. Napag-alaman na mahalaga na gamitin ang wikang pambata at imahinasyon bilang mahalagang salik na nakaiimpluwensiya sa kalidad ng pagsasalin ng panitikang pambata. Mas nauunawaan din ng mga iskolar ang mga konotasyon at kahulugan ng orihinal na teksto at makapagbigay ng higit at akma na pagpapahalaga at pagpuna sa pagsasalin.

Batay sa mga isinagawang pag-aaral mahihinuha na may malaking papel ang kaalaman ng isang tagasalin sa isang wika upang maging mahusay at katanggap-tanggap ang isang salin. Kinakailangan na may matibay na pundasyon sa wika, mataas na kaalamang pangkultura, gayundin na mapalitaw ang dinamikong ugnayan ng wika at kultura sa pagsulat ng isang panitikan. Ang mga katangian sa isang mahusay sa salin ay susuriin sa saling nobela ni Lilia F. Antonio na Ang Munting Prinsipe.

Sintesis

Ipinapakita ng mga kaugnay na literatura at pag-aaral ang mga pamamaraan sa pagsasalin ng mga Pilipinong manunulat batay sa kanilang karanasan. Gayundin ang karanasan sa pagsusuri ng mga saling akda mula sa banyagang wika. Ang pagsasalin ay isang gampaning pambansa at tungo sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Binigyang tuon ang malalim na pagtalakay sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Ano ang ibig sabihin ng intelektuwalisasyon, paano ito nagaganap, bakit mahalaga, at papel ng wikang Ingles sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino. Tinalakay din ang mga pag-aaral ng saling nobela na "The Little Prince" sa iba't ibang wika. Ipinakita sa mga pag-aaral ang malalim na pag-unawa at pagsusuri sa nilalaman ng isang saling nobela.

Teoretikal na Balangkas

Ang pag-aaral ay nakabatay sa metodo sa pagsasalin na inihain ni Abueg: salita sa salita, diwa sa diwa, at malayang salin. Ginamit din bilang metodo ang ilan sa mga pamamaraan sa pagsasalin ng prosa na inihain nina Batnag at Petras (2009): ang idyoma sa natural na daloy, pagiging natural ng estruktura ng wika, ang pamamaraang segmentasyon, at ang paglilipat ng mga katawagang pangkultura.

Samantala, para masuri ang saling nobela ginamit ang *tripartit* na yugtong inilahad sa pagsusuri ng pagsasalin ni Toury (1995). Nakatuon ang pananaw ni Toury sa pangkalahatang pagkakatulad kaysa sa partikular na pagkakaiba ng teksto sa simulaing lengguwahe (*prototext*) at teksto sa tunguhing lengguwahe (*metatext*). Ayon kay Toury, ang hambingang prototext-metatext ay pumapaloob sa tatlong yugto: (1) Paglulugar ng metatext sa isang konteksto tulad sa target na kultura, paglalagay ng teksto sa loob ng target na sistema ng kultura, (2) Paghambing ng mga indibidwal na pahayag sa dalawang teksto upang matuklasan ang preliminaryong relasyon at pangkalahatang pagkakatulad ng mga bahagi ng prototext at metatext at ikahuli, (3) Pagtatala ng makukuhang pagkakatulad na muling lilinangin sa malalimang hambingan ng teksto. Pinili ang pananaw ni Toury dahil ito'y nagbibigay ng *tripartit analytical stages* na angkop sa paghahambing ng prototext at metatext sa kultural at lingguwistikong konteksto.

Balangkas Konseptuwal

Sa balangkas konseptuwal ang paggamit ng nobelang The Little Prince na salin sa Ingles ni Richard Howard bilang simulaing lengguwahe at Ang Munting Prinsipe na salin sa Filipino ni Lilia Antonio bilang tunguhing



ETCOR
INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines




iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

lengguwahe. Sa pamamaraan ng pagsasalin na makikita sa saling nobela ni Antonio, gagamitin ang mga inihaing pamamaraan sa pagsasalin ni Abueg at nina Batnag at Petras. Samantala para naman sa pagsusuri ng pagsasalin, gagamitin ang pananaw na inihain ni Toury. Sa maayos na paghahanay, narito ang mga sumusunod na hakbang: (1) Pagtukoy sa mga tiyak na pamamaraan sa pagsasalin na inihain ni Abueg, at kina Batna at Petras. (2) Paglalatag ng mga pangungusap mula sa saling nobela ni Howard na "The Little Prince" bilang simulaing lengguwahe at ang katumbas nito sa salin ni Antonio ng "Ang Munting Prinsipe" bilang tunghing lengguwahe. (3) Pagsusuri ng Pagsasalin sa pananaw ni Toury. (4) Sa huli, ambag ng saling nobela ni Antonio sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.



Paglalahad ng Suliranin

Hindi maitatangi na malaki ang papel na ginagampanan ng pagsasaling pampanitikan. Ang pagsasaling pampanitikan ay isang uri ng pagsasaling naiiba sa pangkaraniwan at pangkalahatang konsepto ng pagsasalin. Sinasalamang pagsasaling pampanitikan ang imahinasyon, matayog na kaisipan, at ang intuitibong panulat ng isang may-akda. Ito rin ang pinakamahirap na gawain sapagkat nangangailangan ito ng pag-aaral sa semantikong aspekto (nilalaman) ng original na teksto tulad ng mga nakatagong kahulugan sa mga pangungusap (Albason sinipi mula kay Buban, 2016). Kaya naman, mahalaga na masuri ang isang nobela upang malaman ang mga pamamaraan na makikita sa isang mahusay na salin at ang kaambagan ng saling nobela sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.

Layunin ng Pananaliksik

Nilayon ng pag-aaral na ito na masuri ang salin sa Filipino ni Lilia F. Antonio ng "The Little Prince" at maka-ambag sa intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino.

Mga Tiyak na Layunin

- Tukuyin ang mga pamamaraan ng pagsasalin ni Abueg na makikita sa saling nobela ni Lilia F. Antonio ng "The Little Prince."
- Tukuyin ang mga pamamaraan ng pagsasalin nina Batnag at Petras na makikita sa saling nobela ni Lilia F. Antonio ng "The Little Prince."
- Suriin ang saling nobela batay sa pagsusuri ng pagsasalin sa pananaw ni Toury.
- Gamiting batayan ang resulta ng pag-aaral upang maka-ambag sa intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino.

Mga Tanong sa Pananaliksik

- Ano ang mga pamamaraan sa pagsasalin na makikita sa saling nobela na Ang Munting Prinsipe ni Lilia F. Antonio batay kay Abueg at kina Batnag at Petras?
- Paano susuriin ang nilalaman ng saling nobela na Ang Munting Prinsipe sa pananaw ni Gideon Toury?



National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

3. Bakit mahalaga ang pagsusuri ng saling nobela na Ang Munting Prinsipe sa intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino?

METODOLOHIYA

Disenyo ng Pananaliksik

Ginamit ang kwalitatibong disenyo ng pag-aaral sapagkat ito ay nakatuon sa pangangalap ng mga hindi numerikal na datos tulad ng mga salita, larawan, at tunog. Ang pokus nito ay sa paggalugad ng mga pansariling karanasan, opinyon, at saloobin na kadalasan sa pamamagitan ng pagmamasiid o panayam. Ito ay naglalayong makabuo ng mayaman at detalyadong penomenon na pinag-aaralan upang makatuklas ng bagong kaalaman at kahulugan (McLeod, 2025).

Sa pag-aaral, gumamit din ng tekstuwal na analisis sapagkat ito ay nakatuon sa pagsusuri ng saling nobela upang matukoy ang mga inihaing pamamaraan sa pagsasalin ni Abueg at nina Batnag at Petras. Samantala sa pagsusuri ng pagsasalin gagamitin ang pananaw ni Toury. Sa pamamagitan ng tekstuwal na analisis, mas nagiging malinaw ang kung paano naipapahahayag ng may-akda ang kaniyang damdamin.

Pinagmumulan ng Datos

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagtukoy ng mga inihaing pamamaraan sa pagsasalin ni Abueg at nina Batnag at Petras na makikita sa saling nobela ni Lilia F. Antonio ng "The Little Prince." Gayundin ang pagsusuri sa salin batay sa pananaw ni Toury.

Sinuri ang buong 27 na kabanata ng nobela. Sa maayos na paglalagat ng mga datos, gumamit ng **random sampling** sa pagpili ng anumang kabanata na nagpapakita ng mga inihaing pamamaraan sa pagsasalin ni Abueg at nina Batnag at Petras. Gayundin sa pagsusuri sa konteksto-kultural batay sa pananaw ni Toury.

Mga Instrumento sa Pananaliksik

Ang pag-aaral ay nakatuon sa pagsusuri ng salin. Sa pagtiyak na maayos ang pagsusuri isinagawa ang mga sumusunod:

- (1) Ginamit bilang batayan ang kahulugan na inilalahad ni Abueg sa bawat pamamaraan ng pagsasalin (salita sa salita, diwa sa diwa, at malayang salin) gayundin kina Batnag at Petras (ang idyoma sa natural sa daloy, pagiging natural na estruktura ng wika, ang pamamaraang segmentasyon, at ang paglipat ng mga katawagang pangkultura).
- (2) Sa pagsusuri sa konteksto-kultural batay sa pananaw ni Toury, ginamit bilang batayan ang kahulugan na inilalahad ni Toury sa bawat yugto (paglulugar ng metatext sa konteksto-kultura, paghahambing ng indibidwal na pahayag, at pagtatala ng makabuluhang pagkakatulad/pagkakaiba).

Pangangalap ng Datos

Ang mananaliksik ay nagtungo sa silid-aklatan tulad ng Ninoy Aquino Library and Learning Resources Center (PUP-Manila), National Library at sumangguni rin sa mga online journal tulad ng Google Scholar, Malay Journal, Philippine E-journals, Research Gate at Academia.edu para sa mga pag-aaral at lathalain na nakatutulong upang mabigyang linaw ang kaligirang pangkasaysayan ng pagsasalin ng panitikan sa ating bansa at ilan pang kaugnay na pag-aaral banyaga man o lokal.

Sa pangangalap ng iba pang datos sa pananaliksik, nakuha ang kopya ng saling nobela ni Richard Howard ng The Little Prince sa Pixie.bookhouse isang online store na kung saan mabibili ang mga gamit na aklat o pre-loved na kopya ng mga aklat. Ito ay karapatang-ari ng Harcourt, Inc. at may Karapatang-ari sa saling Ingles taong 2000. Samantala, ang kopya ng Ang Munting Prinsipe ni Lilia Antonio ay nabili sa online store ng Southern Voices Printing Press at may Karapatang-ari sa saling Filipino taong 2020.

Pagsusuri ng Datos

Sinimulan ng mananaliksik ang proseso sa pamamagitan ng paggamit ng Pamamaraang Segmentasyon upang mahati sa makabuluhang bahagi ang bawat pahayag. Ito ang naging gabay upang maging batayan sa paghanay nang maayos ang saling nobela ni Richard Howard sa Ingles gayundin ang katumbas nito sa saling nobela



ETCOR
INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>

iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

sa Filipino ni Lilia Antonio. Sa pamamagitan ng paghahanay natukoy ang mga inihain pamamaraan sa pagsasalin ni Abueg ang salita sa salita, diwa sa diwa at malayang salin. Ginamit din ang mga iba pang paraan sa pagsasalin na inilagtag nina Batnag at Petras tulad ng ang idyoma sa natural na daloy, pagiging natural ng estruktura ng wika, ang pamamaraang segmentasyon, at ang paglilipat ng mga katawang pangkultura. Sa pagsuri ng pagsasalin ginamit ang pananaw ni Toury. Nakatuon ang pananaw ni Toury sa pangkalahatang pagkatulad kaysa sa partikular na pagkakaiba ng teksto sa simulaing lengguwahe (prototext) at teksto sa tunguhing lengguwahe (metatext). Ayon kay Toury, ang hambingang prototext-metatext ay pumapaloob sa tripartit na yugto: (1) Paglulugar ng metatext sa isang konteksto tulad sa target na kultura. (2) Paghambing ng mga indibidwal na pahayag sa dalawang teksto upang matuklasan ang preliminaryong relasyon at pangkalahatan pagkakatulad ng mga bahagi ng prototext at metatext at ikahuli, (3) Pagtatala ng makukuhang pagkakatulad na muling lilinganin sa malalimang hambingan ng teksto. Mula sa mga natuklasan ito nakatulong upang makapag ambag sa intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino.

Mga Etikal na Konsiderasyon

Kinilala ng mananaliksik si Richard Howard bilang tagasalin ng nobelang "The Little Prince" kung saan halaw ang salin ni Antonio. Ito ay inilimbag ng Harcourt, Inc. at may Karapatang-ari sa saling Ingles taong 2000. Gayundin si Lilia F. Antonio bilang may-akda ng saling nobela na "Ang Munting Prinsipe." Ito ay inilimbag ng Southern Voices Printing Press at may Karapatang-ari sa saling Filipino taong 2020. Ang kanilang mga salin ay ang pangunahing pinaghanguan ng datos mula sa pananaliksik. Tiniyak ng mananaliksik ang pagbibigay ng angkop na pagkilala sa mga ginamit na artikulo, lektura, pananaliksik, at iba pang sanggunian na ginamit sa pag-aaral.

Resulta at Diskusyon

Inilalahad sa bahaging ito ang resulta at interpretasyon ng mga natukoy at nasuri na datos.

Ano ang mga pamamaraan sa pagsasalin na makikita sa saling nobela na Ang Munting Prinsipe ni Lilia F. Antonio batay kay Abueg at nina Batnag at Petras

Sa pagsusuri ng saling nobela natuklasan na ang mga inihaing pamamaraan sa pagsasalin ni Abueg at nina Batnag at Petras ay makikita sa saling nobela. Sa pamamagitan ng salita sa salita natuklasan na may tuwiran na pagsasalin na kung saan ang simulaing lengguwahe ay akmang naisalin at nailapat ang ayos ng salita, parirala, at pangungusap tungo sa tunguhing lengguwahe. Diwa sa diwa, sinikap ng tagasalin na maisalin ito sa masining na paraan na hindi nagbabago ang nais ipakahulugan mula sa simulaing lengguwahe. Samantala sa malayang salin, natuklasan na ang salita, parirala, at pangungusap ay may bahagya o malaking pagbabago na makikita sa saling nobela. Gayundin sa ayos ng mga salita sa loob ng pangungusap. Bagamat kapansin-pansin na may mga pagbabago sa ayos ng mga salita pinapanatili pa rin nito ang diwa o ng mga pahayag mula sa simulaing lengguwahe. Pagiging natural na estruktura ng wika, ang bawat salita ay nagtataglay ng sarili nitong kahulugan. May mga pagkakataon na ang mga salita mula sa ibang wika ay hindi matumbasan kaya naman ang tagasalin ay humihiram ng salita. Sa tulong ng mga diksyunaryo tulad ng *Komisyon sa Wikang Filipino*, at *Merriam Dictionary*, nalaman ang kahulugan ng mga salitang kultural mula sa simulaing lengguwahe nito. Gayundin sa tulong ng pamamaraang segmentasyon, nahati nang maayos ang bawat bahagi upang mahugot ang kabuoang diwa nito.

1. Salita sa Salita- Ang ayos ng mga salita ay nananatili. Ang mga salita ay isinalin ayon sa karaniwang kahulugan.

Talahanayan Blg. 1

Salita sa Salita

Kab. at p.	Salin sa Ingles ni Howard	Salin sa Filipino ni Antonio	Paliwanag
6 (p.16,20)	O LITTLE PRINCE	O, MUNTING PRINSIPE	Ang salitang "o" ay isinalin bilang "o", at "Little Prince" bilang "Munting Prinsipe" na kung saan nananatili at hindi nagbabago ang ayos ng mga salita mula sa pinagmulang wika kapag isinalin sa paraan na salita sa salita.
7 (p.20,24)	"A mushroom!"	"Isang kabuti!"	Ang salitang "a" ay isinalin bilang "isang," at "mushroom" bilang "kabuti" na kung saan nananatili at hindi nagbabago ang ayos ng mga salita mula sa pinagmulang wika kapag isinalin sa paraan na salita sa



ETCOR
INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

			salita.
9 (p.27,31)	"But the wind..."	"Ngunit ang hangin -"	Ang salitang "but" ay isinalin bilang "ngunit," "the" bilang "ang", at "wind" ay "hangin" na kung saan nananatili at hindi nagbabago ang ayos ng mga salita mula sa pinagmulang wika kapag isinalin sa paraan na salita sa salita.
13 (p.36,42)	"Three and two make five. Five and seven, twelve. Twelve and three, fifteen."	"Tatlo at dalawa ay lima. Lima at pito, labindalawa. Labindalawa at tatlo, labinlima."	Ang salitang "three" ay isinalin bilang "tatlo," and" bilang "at," "two" ay "dalawa," at "make" bilang "ay," at "five" bilang "lima." Sa ikalawang bahagi isinalin ang "five" bilang "lima," "and" "at," "seven" "pito," at "twelve" bilang "labindalawa." At sa huling bahagi, isinalin ang "twelve" bilang "labindalawa," "and" ay "at," "three" bilang "tatlo" at "fifteen" isinalin bilang "labinlima."
25 (p.72,83)	"What promise?"	"Anong pangako?"	Ang "what" ay isinalin bilang "ano" at "promise" bilang "pangako" na kung saan nananatili at hindi nagbabago ang ayos ng mga salita mula sa pinagmulang wika kapag isinalin sa paraan na salita sa salita.

2. Diwa sa Diwa- Ito ay nakatuon sa pagpapahayag ng pangkalahatang ideya. Layunin nito na mapanatili ang kahulugan at Estilo ng orihinal na teksto habang isinasalin sa ibang wika.

Talahanayan Blg. 2

Diwa sa Diwa

Kab. at p.	Salin sa Ingles ni Howard	Salin sa Filipino ni Antonio	Paliwanag
2 (p.3,3)	For me it was a matter of life or death:	Dito'y buhay o kamatayan ang nakataya:	Isinalin sa paraan na patalinhaga na hindi nagbabago ang nais ipakahulugan mula sa pinagmulang wika.
4 (p.13,15)	So I grope in one direction and another, as best I can.	Kaya't nagsisikap ako sa abot ng makakaya.	Mapapansin na pinapahalagahan ang konteksto na kung saan ang daloy ng salin ay wasto at angkop mula sa pinagmulang wika.
10 (p.33,39)	He had a great air of authority.	Kahanga-hanga ang kanyang kapangyarihan.	Mas malapit sa kahulugan at damdamin ang salin na kung saan mas napapahalagahan ang orihinal na diwa.
21 (p.63,73)	"Here is my secret. It's quite simple: One sees clearly only with the heart. Anything essential is invisible to the eyes."	"At ngayon, narito ang aking lihim. Napakasimple nito. Sa pamamagitan lamang ng puso makakakita nang wasto. Kubli sa paningin ang mga bagay na pangunahin."	Binibigyang diin ang diwa at hindi ang mga salita mula sa loob ng pangungusap. Naging malikhaing at matulain din ang salin ngunit hindi nagbabago ang nais ipakahulugan ng orihinal.
24 (p.67,78)	The little prince's words danced in my memory.	Naglalaro sa aking isipan ang mga huling sinabi ng munting prinsipe.	Isinalin sa masining na paraan at hindi nagbabago ang nais ipakahulugan ng orihinal.



ETCOR
INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

- 3. Malayang Salin-** Kadalasan sa saling ito ay malayo na sa orihinal. Mas mahaba ang salin kaysa sa orihinal. Inilalagay ng tagasalin sa kaniyang kamay ang pagpapasiya kung paano isinasalin ang mga bahagi na maituturing na may kahirapan.

Talahanayan Blg. 3

Malayang Salin

Kab. at p.	Salin sa Ingles ni Howard	Salin sa Filipino ni Antonio	Paliwanag
4 (p.10,14)	You have to tell them, "I saw a house worth a hundred thousand francs."	Kailangang sabihin mo sa kanila: "Nakakita ako ng bahay na sampung milyon ang halaga."	Mapapansin na pinalitan ang salitang hundred thousand francs ng sampung milyong halaga. Wala sa kulturang Pilipino ang paggamit ng francs bilang halaga ng pera. Ito ay isinalin bilang milyon upang madaling maunawaan ng mga mambabasa.
5 (p.16,20)	You may be asking, "Why are there no other drawings in this book as big as the drawing of the baobabs?"	Marahil, itatanong ninyo sa akin, "Bakit wala ng ibang larawan dito sa aklat na kasing kahanga hanga at nakakapukaw-damdamin gaya ng pagkakaguhit sa mga baobab?"	Pinalalawak ang mensahe ng orihinal sa pamamaitan ng pagdaragdag ng damdamin upang mabisang maunawaan ng mga mambabasa ang nais iparating ng orihinal.
7 (p.20,24)	The little prince was now quite pale with rage.	Namumula na sa galit ang munting prinsipe.	Mapapansin na isinalin ang quite pale with rage bilang namumula sa galit sapagkat sa kulturang Pilipino ito ay ginagamit bilang pagpapakita ng matinding damdamin ng isang tao.
10 (p.31,37)	"Well, well! That will be around... that will be tonight around seven-forty! And you'll see how well I am obeyed."	"A, ngayong hapon, mga... mga... mga... labinlimang minuto bago mag-ikaanim. At makikita mo kung gaano ako kahusay sinusunod!"	Malaki ang pagbabago sa nilalaman ng mga salita sa loob ng pangungusap. Tulad na lamang ng pagbago ng tiyak na oras mula sa orihinal "seven-forty" ay isinalin bilang "labinlimang minuto bago mag-ikaanim" gayundin ang pagbago ng araw "tonight" ay naging "ngayong hapon."
25 (p.72,83)	"Oh!" I had been so proud of the baobabs!	"Talaga?" Naku! Ipinagmamalaki ko pa naman ang aking mga baobab!	Isinalin nang malaya ngunit tapat sa ekspresyon ng damdamin. Ang salitang "Oh!" ay isinalin bilang "Talaga?" Naku! na kung saan lubusang nakatulong upang maipahayag ang damdamin nan ais iparating.

4. Ang Idyoma sa Natural na Daloy

(A) Idyomatikong Parirala, ito ay maaring kombinasyon ng pangngalan at pang-uri, pariralang pangngalan, at pandiwa at pang-ukol.

Talahanayan Blg. 4

Ang Idyoma sa Natural na Daloy A. Idyomatikong Pariralang Pang-ukol

Kab. at p.	Salin sa Ingles ni Howard	Salin sa Filipino ni Antonio	Paliwanag
1 (p.2,2)	Put away	Kalimutan	Isang halimbawa ng idyomatikong parirala sapagkat kombinasyon ng pandiwa at pang-ukol "put" at "away" isinalin bilang "kalimutan."
8 (p.24,29)	Look at	Tingnan/ Pagmasdan	Isang halimbawa ng idyomatikong parirala sapagkat kombinasyon ng pandiwa at pang-ukol "look" at "at" isinalin bilang "tingnan" / "pagmasdan."
26	Catch up	Maabutan	Isang halimbawa ng idyomatikong parirala sapagkat



ETCOR
INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



Website: <https://etcor.org>

iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

(p.78,90)			kombinasyon ng pandiwa at pang-ukol "catch" at "up" isinalin bilang "maabutan."
26 (p.76,86)	Look up	Tumingin/ Tumingala	Isang halimbawa ng idyomatikong parirala sapagkat kombinasyon ng pandiwa at pang-ukol "look" at "up" Isinalin bilang "tumingin" / "tumingala."
27 (p.84,97)	Pass by	Dumaan/ Makadaan	Isang halimbawa ng idyomatikong parirala sapagkat kombinasyon ng pandiwa at pang-ukol "pass" at "by" Isinalin bilang "dumaan" / "makadaan."

(B) Ekspresyong Idyomatiko, ito ay maaring parirala rin o buong pangungusap na ibang-iba na ang kahulugan ipinapahayag kaysa sa mga salitang bumubuo rito.

Talahanayan Blg. 5

Ang Idyoma sa Natural na Daloy

B. Ekspresyong Idyomatiko

Kab. at p.	Salin sa Ingles ni Howard	Salin sa Filipino ni Antonio	Paliwanag
3 (p.7,8)	Peal of laughter	Humalakhak ng buong kasiyahan	Ang pagsasalin ng "peal of laughter" bilang "humalakhak ng buong kasiyahan" ay isang ekspresyong idyomatiko sapagkat ito ay isinalin sa pamamagitan ng pagtumbas ng kahulugan sa pamamaraang idyomatiko. Mapapansin din na isinalin sa paraan ng paglalarawan ang kahulugan nito.
4 (p.12,14)	Shrug their shoulders	Ikinikibit balik	Ang pagsasalin ng "shrug their shoulders" bilang "ikinikibit balik" ay isang ekspresyong idyomatiko sapagkat ito ay isinalin sa katapat na idyoma mula sa tunguhing wika at hindi isinalin bilang "itinaas ang balik."
8 (p.23,28)	Horror of Drafts	Malakas na Dapyo ng Hangin	Ang pagsasalin ng "horror of drafts" bilang "malakas na dapyo ng hangin" ay isang ekspresyong idyomatiko sapagkat ito ay isinalin sa pamamagitan ng pagtumbas ng kahulugan sa pamamaraang idyomatiko. Mapapansin din na isinalin sa paraan ng paglalarawan ang kahulugan nito.
17 (p.51,60)	Homesick	Mangulila	Ang pagsasalin ng "homesick" bilang "mangulila" ay isang ekspresyong idyomatiko sapagkat ito ay isinalin sa katapat na idyoma mula sa tunguhing wika at hindi isinalin bilang "bahaysakit."
25 (p.84,83)	Heavy Heart	Mabigat ang loob	Ang pagsasalin ng "heavy heart" bilang "mabigat ang loob" ay isang ekspresyong idyomatiko sapagkat ito ay isinalin sa katapat na idyoma mula sa tunguhing wika at hindi isinalin bilang "mabigat ang puso."

2. Ang Paglilipat ng mga Katawagang Pangkultura- Ang kultura ay pamamaraan ng pamumuhay at mga manipistasyon nito na tangi sa isang komunidad na gumagamit ng isang partikular na lengguwahe bilang paraan ng pagpapahayag.

Talahanayan Blg. 6

Ang Paglilipat ng mga Katawagang Pangkultura

Kab. at p.	Salitang Kultural	Salin	Paliwanag
1 (p.1,1)	Boa Constrictor	Sawa	Ang salitang Boa Constrictor ay galing sa wikang Latin at isinalin bilang sawa.
2 (p.3,3)	Desert	Disyerto	Ang salitang ay galing sa salitang latin na dēsertum at isinalin bilang disyerto.



ETCOR
INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

20 (p.54,65)	Snow	Yelo	Ang salitang snow ay nagmula sa wikang Ingles na snaw at isinalin bilang yelo.
21 (p.56,67)	Fox	Lobo	Ang salitang "fox" ay may nagmula sa salitang Aleman at isinalin bilang lobo.
25 (p. 71,82)	Christmas Tree	Pamaskong Puno	Ang salitang "Christmas" ay mula sa pahayag na "Christ's Mass" at ang "tree." Isinalin sa tuwirang paraan bilang pamaskong puno.

3. Natural na Estruktura ng Wika- May dalawang uri ng batayang pangungusap sa Filipino. kadalasan, nauuna ang panaguri sa simuno. Ito ay tinatawag na karaniwang ayos ng pangungusap. Samantala, nagkaroon din ng pagkakataon na nauuna ang simuno sa panaguri. Ito ay tinatawag na di-karaniwan o kabaliktarang ayos ng pangungusap.

Talahanayan Blg. 7
Natural na Estruktura ng Wika

Kab. at p.	Salin sa Ingles ni Howard	Salin sa Filipino ni Antonio	Paliwanag
9 (p. 25,30)	The little prince also uprooted, a little sadly, the last baobab shoots.	Malungkot ding binunot ng munting prinsipe ang mga huling usbong ng baobab.	"malungkot ding binunot ng munting prinsipe" ay ang buong panaguri at "ang mga huling usbong ng baobab" ang buong simuno. Ito ay halimbawa ng karaniwang ayos ng pangungusap.
19 (p. 53,63)	THE LITTLE PRINCE climbed a high mountain.	UMAKYAT ANG MUNTING PRINSIPE sa isang mataas na bundok.	"umakyat ang munting prinsipe" ay ang buong panaguri at "sa isang mataas na bundok" ang buong simuno. Ito ay halimbawa ng karaniwang ayos ng pangungusap.
20 (p. 54,65)	The little prince gazed at them. All of them looked like his flower.	Pinagmasdan sila ng munting prinsipe. Lahat sila'y katulad ng kanyang bulaklak.	"pinagmasdan sila ng munting prinsipe" ay ang buong panaguri "lahat sila'y katulad ng kanyang bulaklak" ang buong simuno. Ito ay halimbawa ng karaniwang ayos ng pangungusap.
25 (p. 69,80)	The wells of the Sahara are no more than holes dug in the sand.	Ang mga balon sa Sahara ay mga butas lamang na hinukay sa buhanginan.	"ang mga balon sa Sahara" ay ang buong simuno at "mga butas lamang na hinukay sa buhanginan" ang buong panaguri. Ito ay halimbawa ng di-karaniwang ayos ng pangungusap.
26 (p. 74,87)	I had loosened the yellow scarf he always wore. I had moistened his temples and made him drink some water.	Niluwagan ko ang lagi niyang ginagamit na dilaw na alampay. Dinampian ko ang kanyang sintido at inabutan ng tubig na maiinom.	"niluwagan ko ang lagi niyang ginagamit" ay ang buong panaguri at "na dilaw na alampay" ang buong simuno. Ito ay halimbawa ng karaniwang-ayos ng pangungusap.

4. Pamamaraang Segmentasyon- Ang paghahati-hati ng orihinal na teksto sa mga segment o bahagi. Ito ay nakatutulong sa pagsusuri upang maugat ang kahulugan ng teksto.

Talahanayan Blg. 8
Pamamaraang Segmentasyon

Kab. at p.	Salin sa Ingles ni Howard	Salin sa Filipino ni Antonio	Paliwanag
19 (p. 53-54, 63-64)	THE LITTLE PRINCE climbed a high mountain.	UMAKYAT ANG MUNTING PRINSIPE sa isang mataas na bundok.	Mapapansin na nahahati sa makabuluhang bahagi ng pangungusap mula sa orihinal tungo sa salin. Ang mga salita sa loob ng pangungusap ay sinikap na maisalin sa katumbas na salita mula sa tunguhing wika. Makikita na hindi nalalayo ang posisyon ng mga tinumbasang salita



ETCOR
INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

	The only mountains he had ever known were the three volcanoes, which came up to his knee. And he used the extinct volcano as a footstool. From a mountain as high as this one, he said to himself, I'll get a view of the whole planet and all the people on it... But he saw nothing but rocky peaks as sharp as needles. "Hello," he said, just in case. "Hello...hello... hello...," the echo answered. "Who are you?" asked the little prince. "Who are you... who are you... who are you..." the echo answered. "Let's be friends. I'm lonely," he said. "I'm lonely... I'm lonely... I'm lonely..." the echo answered. What a peculiar planet! he thought. It's all dry and sharp	Ang alam lamang niyang bundok ay ang tatlong bulkang hanggang tuhod. At ginagamit niyang patungan ng paa ang patay na bulkan. Sa isang bundok na kasintaas nito, ang wika niya sa sarili, maaari kong makita ang buong planeta sa isang tingin, at ang lahat ng mga taong narito... Pero wala siyang nakita kundi ang ituktok ng mga batong matutulis na gaya ng karayom. "Magandang umaga", ang magalang niyang wika. "Magandang umaga - magandang umaga - magandang umaga," ang sagot ng alingawngaw. "Sino ka?" ang sabi ng munting prinsipe. "Sino ka - sino ka - sino ka —?" ang sagot ng alingawngaw. "Magkaibigan tayo. Nag-iisa ako," wika niya. "Nag-iisa ako — nag-iisa ako — nag-iisa ako," sagot ng alingawngaw. Kakatwang planeta! naisip niya. Lahat ay tuyo at matulis at	mula sa simulaing lengguwahe.
--	--	---	--------------------------------------



ETCOR
INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577



The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

	and hard. And people here have no imagination. They repeat whatever you say to them. Where I live I had a flower: She always spoke first...	matigas. At walang imahinasyon ang mga tao. Inuulit lamang nila ang anumang sabihin sa kanila. Sa tinitirahan ko'y may isang bulaklak: siya lagi ang nauunang magsalita...	
--	--	---	--

Paano susuriin ang nilalaman ng saling nobela na Ang Munting Prinsip sa pananaw ni Gideon Toury?

Ayon kay Toury, sa unang yugto unang isinasalang-alang ang pagtanggap ng isinalin na salita sa loob ng target na sistema at ang kahalagahan nito sa target na kultura. Sa bahaging ito, ipinaliwanag ang mga kaalaman na nakapaloob sa salita sa pamamagitan ng paglalarawan at pagbibigay kahulugan. Kaya naman, mapapansin na sa unang kolumn binigyang kahulugan ang saling kultural na salita. Sa tulong ng unang yugto, ito ay naging daan upang masusing maihambing ang orihinal at saling teksto. Sa ikalawang kolumn, nilapat ang mga pangungusap mula sa orihinal at salin nito. Batay dito, napansin kung paano ginamit ang mga salitang kultural gayundin kung may pagbabago sa kahulugan at sa estruktura ng mga pangungusap. Sinuri kung naging angkop ang salin mula sa target na kultura sa pamamagitan ng pagbibigay paliwanag sa kahulugan nito. Ang huling yugto ito ay nakatuon upang masusing bigyan ng paliwanag ang kahulugan at gamit ng mga salita mula sa orihinal at salin nito. Sa bahaging ito, mahalaga na natukoy ang mga kaugalian na may malaking impluwensiya sa pagpili ng salin. Maaring balikan sa bahaging ito ang pagtingin sa una at ikalawang yugto upang matiyak na naging mahusay at wasto ang pagsasalin ng mga kultural na salita.

Talahanayan Blg. 9

Paglulugar ng Metatext sa isang Konteksto- Kultura, Paghahambing ng mga Indibidwal ng Pahayag sa Dalawang Teksto, at Pagtatala ng Makukuhang Pagkakatulad na Muling Lilingnang sa Malalimang Hambingang ng Teksto

Unang Yugto		Ikalawang Yugto			Ikatlong Yugto
Kultural na Salita (Salin)	Kahulugan	Kultural na Salita sa loob ng Pahayag (Orihinal)	Kultural na Salita sa loob ng Pahayag (Salin)	Paliwanag	Paliwanag
Sawa	Ayon sa KWF na Diksyunaryo, ang salitang sawa ay tumutukoy sa isang malaking ahas na walang kamandag ngunit nililingkisan ang mga kaaway at	In the book it said: " Boa constrictors swallow their prey whole, without chewing.	Sinasabi sa aklat na: "Nilululong buo ng mga sawa ang kanilang nahuhuling hayop, nang hindi ito nginunguya.	Ginamit ang salitang Boa Constrictors upang ipakita na ito ay isang uri ng ahas na kung saan, nilululong buo at hindi nginunguya ang nahuling hayop. Gayundin ang salin bilang	Mahihinuha na mula sa isinagawang pagsasalin, ibinatay ito sa kung ano ang katangian ng salitang pinagmulan at pagsasalinan. Ang salitang Boa Constrictor ay binubuo ng dalawang salitang pinagsama. Ang "Boa" ay tumutukoy sa isang malaking ahas samantala ang "Constrictor" ay ang paraan ng pangangaso na tumutukoy sa kakayahan ng ahas na higpitan ang likid nito sa paligid ng biktima.



ETCOR
INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

	hayop na ibig kainin.			sawa, na ipinapakita ang katangian nito sa pagkain ng nahuling hayop.	Ang kahulugan ng Boa Constrictor ay makikita rin sa katangian ng sawa na tumutukoy sa isang "ahas" na walang kamandag ngunit nililingkisan ang mga kaaway at hayop na ibig kainin.
Yelo	Ayon sa KWF na Diksyunaryo, ang salitang yelo ay nangangahulugan na tubig na namuo dahil sa matinding lamig.	BUT IT SO HAPPENED that the little prince, having walked a long time through sand and rocks and snow , finally discovered a road. And all roads go to where there are people.	NGUNIT PAGKATA POS MAG LAKAD nang mahabang sandali ang munting prinsipe sa buhanginan, mga batuhan at yelo , nakatuklas siya ng daan. At patungo ang lahat ng daan sa tirahan ng mga tao.	Ginamit ang salitang snow bilang paglalarawan ng panahon. Ito ay tumutukoy sa isang bagay na magaan at kulay puti na bumabagsak sa lupa at nagiging matigas. Samantala isinalin ito bilang yelo na tumutukoy sa isang malamig na tubig na nagiging solido dahil sa mababang tempera tura.	Mahihinuha na mula sa isinagawang pagsasalin, ibinatay ito sa katangian ng pinagmulang wika sapagkat walang konsepto ng snow sa kulturang Filipino. Ito ay galing sa salitang Espanyol na "hielo" na ang ibig sabihin ay "ice." Ang "yelo" ay tumutukoy sa anumang matigas na tubig kabilang na ang "snow."
Lobo	Ayon sa KWF na Diksyunaryo, ang salitang lobo ay galing sa salitang Espanyol. Ito ay binigyang kahulugan bilang isang uri ng hayop na nabibilang sa angkan ng aso at abuhin ang kulay ng mga balahibo.	"I'm a fox ," the fox said.	"Isa akong lobo ," ang sagot nito.	Ginamit ang salitang fox bilang pagtukoy sa ngalan ng hayop. Isinalin bilang lobo upang maging panapat sa pinagmulang wika.	Mahihinuha na nag-iba ang salin para sa salitang "fox." Ito ay bunga ng dating kaalaman at nakasanayan sa pagsasalin ng salitang "fox." Nariyan din ang impluwensiya mula sa mga mananakop na Espanyol na ipinakilala ang kanilang wika at ilang mga bokabularyo. Gayundin ang konteksto sa kulturang Pilipino na ginagamit ang "lobo" bilang isang pamilyar na termino.
Bakas yon	Ayon sa KWF na Diksyunaryo, ang salitang bakasyon ay pagtukoy sa	If the hunters danced whenever they chose, the days would all be just alike,	Kung magsasayaw ang mga mangangaso kahit anong araw na	Ginamit ang salitang Holiday bilang pagtukoy sa pagkaka roon ng	Mahihinuha na batay sa isinagawang pagsasalin naibigay ang katumbas na kahulugan ng salita mula sa pinagmulang wika. Ang salitang "holiday" ay tumutukoy



ETCOR
INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

	isang pansamanta lang pahinga mula sa anumang tungkulin (lalo na sa trabaho at pag-aaral) upang magliwaliw.	and I'd have no holiday at all."	kanilang maibigan, magiging pare-pareho na lang ang mga araw, at mawawalan ako ng bakasyon ."	panahon upang makapagpahinga sa anumang gawain. Ito ay isinalin bilang bakasyon na tumutukoy sa pansamantalang pahinga sa anumang gawain.	sa anumang araw ng libangan o pagdiriwang na maiuugnay sa panahon ng trabaho at pag-aaral samantala ang "bakasyon" ay tumutukoy sa pansamantalang pahinga mula sa anumang tungkulin lalo na sa trabaho at pag-aaral upang magliwaliw.
Baobab	Ang salitang Baobab ay mula sa salitang Arabic na ibig sabihin ay "hukbab" na nagpapahiwatig na prutas na may maraming buto.	"Before they grow big, baobabs start out by being little."	"Bago lumaki, nagsisimula ang mga baobab sa pagiging maliit."	Inangkin at hiniram nang buo ang paggamit ng salitang Baobab bilang pagtukoy sa isang malaking puno.	Mahihinuha mula sa isinagawang pagsasalin na inangkin o hiniram ng buo ang salita mula sa pinagmulang wika sapagkat ito ay hindi bahagi ng kultura at para mapanatili ang kahulugan.

Bakit mahalaga ang pagsusuri ng saling nobela na Ang Munting Prinsipe sa intelektuwalisasyon ng Wikang Filipino?

Sa pamamagitan ng pagsusuri ng saling nobela ni Lilia Antonio na Ang Munting Prinsipe gamit ang makapilipino at dayuhang dulong sa pamamaraan ng pagsusuri ng salin ito ay lubhang nakatulong upang makapag-ambag sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.

Matapos ang ginawang pagsusuri, nahinuha ang kakayahan ng wikang Filipino na makisabay sa ibang wika. Ang paggamit ng dulong sa pamamaraan ng pagsasalin ni Abueg na makikita sa saling nobela ay lubhang nakatugon sa pag-unlad ng wikang Filipino. (1) Salita sa salita ay nakatulong bilang isang tuntungan sa paglinang ng kahulugan ng mga salita. (2) Diwa sa Diwa, naipakita ang kakayahan ng wikang Filipino na ipahayag ang mga hindi madaling maunawaan at malalim na konsepto. (3) Malayang Salin, pinatunayan ng malayang salin na kaya ng wikang Filipino na tumanggap, umangkop, at makapagpahayag gamit ang iba't ibang konsepto mula sa banyaga. Samantala nakita rin ang ambag sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino ang paggamit ng dulong sa pamamaraan ng pagsasalin nina Batnag at Petras. Sa paggamit ng (4) Idyoma sa Natural na Daloy naipakita ang malikhaing pag-iisip ng tagasalin. Nariyan na naisasalin sa masining o matalinhagang pahayag ang mga idyoma na kung saan napanatili nito ang kahulugan mula sa pinagmulang wika. Hindi lamang idyoma ang naisasalin kundi pati na rin ang damdamin. (4) Sa Paglilipat ng Katawagang Pangkultura nahubog nito ang kakayahan ng wikang Filipino na tumbasan ang mga kultural na salita o angkinin ito bilang dagdag kaalaman sa wika. (5) Natural na Estructura ng Wika ay nagpapakita sa kakayahan ng wikang Filipino na ito ay may sariling paraan ng estruktura upang maipahayag nang maayos, malinaw, at katanggap-tanggap ang mga pangungusap. (6) Pamamaraang Segmentasyon ay nakatulong upang maisalin nang maayos ang mga kaisipan mula simulaing lengguwahe. Nagpapakita lamang ito nang angking kahusayan ng wikang Filipino na kaya nito na matumbasan ang mga mahahalagang konsepto.

Sa pagsusuri ng saling nobela gamit ang pananaw ni Toury; natuklasan na mapaghamon ang pagsasalin ng mga salitang kultural sapagkat bawat tao ay may wika, kultura, at namumuhay sa iba't ibang karanasan. Hindi maiiwasan na mapilitan ang isang tagasalin na harapin ang pagsubok. Sa pagsusuri ng saling nobela, nalaman na may mga pagkakataon na hindi maisalin ang mga salitang kultural tulad ng pangalan ng hayop, pangalan ng halaman o puno, katangian ng heograpiya, mga pagkakaiba sa panahon, pera at ang sukat nito, gayundin ang ilan sa mga kasuotan, at gamit sa loob ng tahanan. Kaya naman, may mga pagkakataon na isinalin ito sa pamamagitan ng



National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

paglikha o paghahanap ng katumbas na salita o konsepto sa wikang Filipino. Ang pagpakilala sa mga bagong konsepto bilang resulta ng pagsasalin ay makatutulong sa intelektuwalisasyon. Buhat sa katotohanan na ito nabibigyan ng pagkakataon ang tagasalin na iangat ang kamalayan ng mga mambabasa gamit ang sariling wika.

Lagom ng Resulta ng Pag-aaral

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na matukoy at masuri ang mga pamamaraan sa pagsasalin at ambag ng saling nobela na "Ang Munting Prinsipe" sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino.

Matapos ang ginawang pagsusuri, natukoy at naihanay ang saling nobela sa pamamaraan ng pagsasalin batay kay Abueg. Natuklasan ng mananaliksik na sa paggamit ng salita sa salita na salin, ito ay tuwiran na kung saan ang simulaing lengguwahe (Ingles) ay akma nang naisalin at nailapat ang ayos ng salita, parirala, at pangungusap tungo sa tunguhing lengguwahe (Filipino). Diwa sa diwa, natuklasan na may mga pagkakataon na ang pinagmulang wika ay nasa anyong matalinhaga at makikitaan ng mga tayutay. Sinikap na maisalin ito sa masining na paraan na hindi nagbabago ang nais ipakahulugan mula sa simulaing lengguwahe. Sa malayang salin, ang mga salita, parirala, at pangungusap ay may bahagya o malaking pagbabago. Gayundin sa ayos ng mga salita sa loob ng pangungusap. Bagamat kapansin-pansin na may pagbabago sa ayos ng mga salita, pinanatili pa rin nito ang diwa ng mga pahayag mula sa simulaing lengguwahe. Nariyan din ang pamamaraan sa pagsasalin batay kina Batnag at Petras. Lubhang nakatulong ang mga idyoma upang mapakulay, mapalalim, at mapayabong ang mga minanang kultura. Samantala, sa paglilipat ng mga katawagang pangkultura napaunlad ang mga salita sapagkat napilitan na tumbasan ang mga salita mula sa simulaing lengguwahe. Ang natural na daloy ng estruktura ng wika, maayos na nailapat ang mga salita sa loob ng pangungusap. Sa tulong nito malinaw na naipahayag ang mga kaisipan. Ang pamamaraang segmentasyon, ito ay lubusang nakatulong upang mahati nang maayos ang salin sa mga bahagi na tinatawag na *translational units*. Ito ay nagiging gabay upang mahugot ang diwa o tiyak na mensahe mula sa simulaing lengguwahe. Hinggil sa pagsusuri sa nilalaman ng saling nobela batay sa pananaw ni Gideon Toury. Binigyang tuon ang pagsusuri sa mga salitang kultural. Mahalaga na mabigyang tuon ang bawat yugto upang matiyak na angkop at wasto ang pagsasalin ng mga salitang kultural.

Ang ambag ng pag-aaral ng saling nobela sa intelektuwalisasyon ng wikang Filipino, nalaman na may malaking potensiyal ang pag-aaral ng pagsusuri ng salin upang mapayabong ang wikang Filipino. Sa paggamit ng maka-Pilipinong dulog, napatunayan na kaya nitong makipagsabayan at magamit ang mga kaalaman na nakapaloob dito para sa pag-unlad ng wikang Filipino. Sa huli, lubhang nakatulong ang pag-aaral ng nilalaman ng saling nobela sapagkat ito ay nagbigay daan upang mas lumalim at maipakilala pa ang isang larangan ng pagsasalin, ang pagsusuri nito. Hindi lagi nagtatapos sa isang salin. Higit ang pangangailangan na pag-aralan ito upang mas lumawak pa ang kaalaman sa paksa. Hinuhubog din sa pag-aaral ng isang salin ang disiplina sa pagkatuto at pagtuklas.

Konklusyon

Batay sa pagsusuri sa salin sa Filipino ni Lilia F. Antonio ng "The Little Prince" nabuo ang mga sumusunod na konklusyon:

1. Napag-alaman ang angking husay sa pagsasalin ni Lilia Antonio. Ang mga inihaing paraan sa pagsasalin na inilagtag ni Abueg at nina Batnag at Petras ay taglay ng saling nobela. Halimbawa na lamang ang salita sa salita, diwa sa diwa, malayang salin, ang idyoma sa natural na daloy, ang pagpapalit ng mga katawagang pangkultura, natural na estruktura ng wika, at pamamaraang segmentasyon.
2. Sa tulong ng dayuhang pananaw sa pagsusuri ng isang kultural sa salita (Toury), nabigyang tuon na ang bawat yugto ay mahalaga upang maipakita ang gamit ng wika, kulturang taglay, at ang gampanin ng salin sa tunguhing lengguwahe.
3. Ipinakita ng pagsusuri na kayang tumugon ng isang maka-Pilipinong dulog sa pagsasalin ng mga panitikan na nasusulat sa wikang banyaga.

Rekomendasyon

Mula sa isinagawang pananaliksik, iminumungkahi ang mga sumusunod:

1. Maipakilala pa sa mga maraming mambabasang Pilipino ang saling nobela ni Lilia F. Antonio na Ang Munting Prinsipe. Sa pamamagitan ng pagbabasa at pagsusuri sa nilalaman ng nobela ay makatutulong upang mapalalalim pa ang kaalaman sa sariling wika at kultura.



ETCOR National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312
PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749
SEC Registration No.: 2024020137294-00
Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

2. Maipagpatuloy ang pag-aaral sa nilalaman ng nobela sa pamamagitan ng paggamit ng ibang pamamaraan sa pagsasalin at pagsusuri ng nilalaman nito batay sa ibang pamamaraan o teorya. Tulad na lamang ng ipa bang maka-Pilipinong dulong sa pagsasalin. Sa pamamagitan nito napatitibay ang kakayahan ng wikang Filipino na tumugon sa mga wikang banyaga.
3. Minumungkahi rin na mag-aral pa ng ibang mga saling nobela. Malimit na nagkakaroon ng pagsasalin ngunit kakaunti lamang ang nagsusuri ng isang salin.
4. Mapagyaman pa ang isinagawang pag-aaral sa pagsasalin. Gumamit ng iba pang maka-Pilipinong dulong o dayuhang duulong na makatutulong sa pagpapalawak ng kaalaman at mapayabong pa ang naging paunang resulta ng pag-aaral.
- 5.

MGA SANGGUNIAN

- Albason, C. R. (n.d). *Kagamitang panturo: Pagsasalin sa kontekstong Filipino* [Unpublished teaching material]. Polytechnic University of the Philippines. <https://www.studocu.com/ph/document/metro-manila-college/bachelor-of-secondary-education/geed-10113-pagsasalin-sa-kontekstong-filipino-1-1/30681795>
- Antonio, L., & Batnag, A. (2011). *Pagsasalin: Teorya at Praktika*. C & E Publishing.
- Balisi, A. J. (2018). *Philippines: Works in Translation*. https://www.academia.edu/43027429/Philippines_Works_in_Transation
- Batnag, A., & Petras J. (2009). *Teksbuk sa Pagsasalin*. C & E Publishing, Inc.
- Buban, R. (2011) *Saling Abueg: Ang Pagtatagpo ng Ideya at Praktika ng Pagsasalin* = Abueg on Translation of Ideas and Practices of Translation. MALAY, 24(1). <https://ejournals.ph/article.php?id=8009>
- Dela Cruz, M. (2025). *Limitado o may Limitasyon: Ang Pagsusuri sa Asignaturang Filipino at mga Akdang Pampanitikan sa Panahon Pag-abante ng Bagong Kurikulum*. <https://doi.org/10.6084/m9.figshare.28151324>
- De Saint-Exupéry, A. (2000). *Ang Munting Prinsipe* (L. F. Antonio, Trans.). Southern Voices Printing Press. (Original work published 1943)
- Jiang, J. (2023). *An Analysis of Translations of the Little Prince from the Perspective of Reception Aesthetics*/ https://www.clausiuspress.com/assets/default/article/2024/01/07/article_1704632396.pdf
- Komisyon sa Wikang Filipino. (n.d). *KWF Dictionary*. <https://kwfdiksiyonaryo.ph/>
- Luces, M. C. M., & Tejera, M. D. R. R. (2024). *A study of the english and spanish translation of the french literary novel "The Little Prince" by the author Antoine de Saint-Exupéry. Revista de Digulgación de Investigación UEP, 2(1), 41-60*. <https://ojs.uep.edu.py/index.php/UEP/article/download/360/288>
- Merrian Webster. (n.d). *Merriam Webster Dictionary*. <https://www.merriam-webster.com/>
- McLeod, S. (2025). *Qualitative vs Quantitative Research: What's the Difference?*. Simply Psychology. <https://www.simplypsychology.org/qualitative-quantitative.html>
- The Varsitarian. (2015). *"Mga Kilalang Akda, Isinalin na sa Wikang Filipino*. https://varsitarian.net/mga_kilalang_akda_isinasalin_na_sa_wikang_filipino/
- Toury, G. (1995). *Descriptive translation studies and beyond*. John Benjamins Publishing. https://books.google.com.ph/books/about/Descriptive_Translation_Studies_and_Beyo.html?id=0VD4ezwCZe wC&redir_esc=y.
- Sibayan, B. (1999). *The intellectualization of Filipino and education essays*. De La Salle University Press, Inc.



ETCOR

INTERNATIONAL
MULTIDISCIPLINARY
RESEARCH CONFERENCE

National Book Development Board (NBDB) Registration
as Book Publisher (Print & Digital): 6312

PRG-CPD Accredited Provider: PTR-2025-749

SEC Registration No.: 2024020137294-00

Sta. Ana, Pampanga, Philippines



iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

Website: <https://etcor.org>

<https://pssc.org.ph/wp-content/pssc-archives/Works/Bonifacio%20Sibayan/The%20Intellectualization%20of%20Filipino%20and%20education%20essays.%20Manila.pdf>